

Isang Gabay ng Magulang Para sa Pag-unawa sa California Alternate Assessments (CAAs) Para sa Sining sa Wikang Ingles, Matematika, at Siyensiya

Ginagamit ng guro ng iyong anak ang mga grado sa report card, gawain sa silid-aralan, mga obserbasyon ng guro, at mga resulta ng pambuong estadong pagsusulit sa katapusan ng taon para makuha ang kumpletong larawan ng pagkatuto ng iyong anak.

Sino ang Kumukuha ng mga Pagsusulit na Ito?

Kukuha ng CAAs sa sining sa wikang Ingles at matematika ang lahat ng estudyante na nasa baitang 3–8 at 11 na ang pang-indibidwal na programa ng edukasyon (individualized education program, IEP) ay nagtatalaga sa kanila ng alternatibong pagsusuri. Sasailalim rin ang iyong anak sa alternatibong pagsusuri para sa siyensiya sa baitang 5 at 8 at kapag nasa high school, alinman sa baitang 10, 11, o 12.



Bakit Kinukuha ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Ang mga resulta ay gagamit ng mga alternatibong pamantayan sa tagumpay para matukoy kung saan mahusay ang iyong anak o kung saan pa siya nangangailangan ng tulong, para mas masuportahan ang pagkatuto nila sa tahanan at mas masuportahan ng mga guro ang pagkatuto nila sa silid-aralan.

Kailan Kukunin ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Nangyayari sa tagsibol ang mga pagsusulit sa sining sa wikang Ingles at matematika. Nangyayari ang pagsusulit sa siyensiya sa buong taon, kung saan tatlong atas sa pagganap ang ibinibigay sa estudyante kapag naituro na ang konsepto sa siyensiya. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa inyong paaralan tungkol sa mga espesipikong petsa at oras ng pagsusulit.

Paano Kinukuha ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Ang mga pagsusulit na ito ay isinasagawa sa computer, nang isa-isa kasama ang tagapagbigay ng pagsusulit na pamilyar sa iyong anak at sa mga pangangailangan nila.

Anong mga Materyales ang Makukuha?

Magkaka-access ang iyong anak sa mga materyales na kailangan nila kapag kinukuha ang mga pagsusulit na ito. Bukod sa mga nakalista sa kanilang aktibong IEP, maaaring gamitin ng mga estudyante ang iba pang instruksiyonal o pisikal na materyales, gaya ng pagsasalin sa ibang wika ng instruksiyon sa silid-aralan. Pwede mong kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa iba pang makukuhang materyales na maaaring makatulong sa iyong anak.

Paano Ko Matutulungan ang Anak Ko?

- Ipaalala sa iyong anak na gusto mo at ng kaniyang guro na gawin niya ang kaniyang buong makakaya at nariyan ka para tulungan siya sa bawat pagkakataon.
- Magpunta sa [website ng Starting Smarter](#) para mas maunawaan ang Mga Ulat sa Iskor ng Estudyante, suriin ang mga halimbawang tanong, at i-access ang mga materyales para suportahan ang pagkatuto ng iyong anak.
- Kumuha ng praktis na pagsusulit kasama ang iyong anak mula sa [CAASPP at ELPAC Practice and Training Tests web page](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga iskor ng iyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak at/o sa opisina ng paaralan.

